



Gabay sa Nagpagayuma

Ano ang Gayuma?

Ang gayuma ay ang mahiwagang pag-akit sa nanggagayuma sa target niya para mapamahal ito sa kanya o sa kliyente. Maraming paraan para gawin ito. Ang mga paraan na ginagawa natin ay ang pagdasal, pag-alay sa ritual at pagpaagas ng mga sumpa sa pagmamahalan sa dugo ng hayop. Maaaring may ituro din akong mga orasyon at diskarte na magagawa mo sa minamahal mo depende sa package na inavail mo.

Gaano katagal bago umepekto ang gayuma?

Nakadepende nga ito sa kung may kasalanan ka. Mas mabilis kung wala. Nakadepende din ito kung gaano kalayo kayo sa isa't isa. Mas mabilis kung malapit kayo.

Paano natin malaman na umepekto na ang gayuma?

Kung kasama mo mismo ang target, ede makikita natin sa pagbabago nila sa pakikitungo sa yo. Mas may pagmamahal at konsiderasyon sa yo.

Kung nasa malayo, pwedeng magparamdam sila sa yo sa text o tawag.

Kung wala pa kayong contact lalo na at nagkasakitan talaga ng malubha, pwedeng magsimula ito sa pagkakita mo sa meditation o panaginip sa kanya. Para dito mas maganda talaga ay mahasa ka sa FREE 3rd Eye Meditation na turo ko.

Ano ang magagawa mo ngayon?

1. Wag mo sasabihin kahit kanino ang gayuma.

Ang gayuma na pinagawa mo sa target mong minamahal ay mawawalang bisa kung malaman ng target na ginayuma mo siya. So wag mo sasabihin sa kahit kanino lalo na sa target mismo. Kung magsabi ka ng sikretong ito sa ibang tao ay hindi mo alam kung ipagkakalat nila ito. Baka madulas din sila kahit na pinagkakatiwalaan mo sila. Mas maganda ay tahimik ka na lang at wag mo sasabihin kahit kanino.

2. Relax, tiwala at hintay.

Ginawa na natin ang gayuma. Dahan-dahan (o maaaring instant din) ay magkakaroon ng epekto ito. Magbabago ang kanilang mga ugali. Iiwanan nila ang kailangang iwanan. Habang mas nagiging buo ang tiwala mo, mas magiging malakas at mabilis din ang epekto sa gayuma. Wag ka magmadali sa mga resulta. Mag-observe ka ng mabuti sa mga nangyayari at magpasalamat sa kung anong mga epekto ang makita. Matuto ka din magpasensya at wag mo pagalitan ang minamahal mo na hindi pa siya nagbabago.

3. Wag mo siya bistuhin sa 3rd party o ibang tao na kasama niya.

Kung may iba siyang kinausap o kinasama, hayaan mo lang siya at magpasensya. Kusang titigil sila sa pagsasama dahil may sumpa na tayong nilagay sa pagitan nila. Hindi na sila makakasama ng ibang tao kasi may sumpa ng hindi sila magkakaintindihan at palalaking nito ang mga maliliit na problema nila sa isa't isa.

4. Iiyak mo ang lahat kung kailangan.

Minsan ay kailangan mo lang talaga ng panahon na ibuhos ang damdamin mo para mailabas ang mga masasakit na pakiramdam sa kalooban. Babae ka man o lalake, wag ka mahiya na umiyak para ilabas ang sakit kasi normal yan sa atin bilang mga tao na masaktan ang puso at maiyak. Wag ka din manghinayang kung hindi lumalabas ang luha sa mata mo kasi mayroon ding mga tao na hindi lumuluha pero ang importante ay ang pag-iyak o pagpahayag ng kalungkutan bilang normal na bahagi ng ating pagiging tao.

5. Focus ka sa sarili mong pagpapagaling.

Kadalasan ay sa sobrang pag-iisip sa relasyong nasira ay napuno tayo ng stress at kalungkutan. Gawin mo itong panahon na magpokus sa pag-alaga sa sarili mo para makarecover ang damdamin sa mga nangyari. Wag mo isipin muna ang pakikipagbalikan sa kanya pero ang pagsurvive mo muna sa sarili mo. Sikapin mong makakain ng maayos, matulog ng saktong, mag-exercise at makipag-usap sa pamilya at mga kaibigan mo.

6. Kalimutan mo muna ang relasyon at magpokus sa buhay mo.

Madaling sabihin pero mahirap gawin. Ang pagkalimot sa nagdaang relasyon na halo-halo ang pangyayari ay mahirap gawin kasi halo nga ang masakit at

masarap. May panahon din naman para sa kalungkutan pero pagkatapos ng ilang araw (halimbawa tatlo) ay mas magandang mag-isip na lang muna tayo sa ibang mga bagay para ma-improve ang ating sarili. Pagpapatuloy lang ito sa sinabi kong pagpapagaling sa sarili mo o healing process pero mas gawin pang pag-improve. Ito ay magandang magawa para hindi ka ma-stress sa proseso at hayaan na mangyari ang mga pagbabago na kailangan mangyari sa relasyon.

7. Matuto ka magmeditate sa FREE 3rd Eye Meditation.

Ang magandang matutunan mo ay ang paano buksan ang 3rd eye mo sa pagmeditate kasi malalaman mo ang mga nangyayari sa minamahal mo. Sa paghasa natin ng ating mga spiritual na pananaw, makakakita tayo ng mas malinaw as meditation, pangitain at panaginip. Minsan ay magkakaroon tayo ng mga karanasang spiritual na makakaramdam o makakakita tayo sa nangyayari sa mga tao sa buhay natin - kasama na syempre dito ay ang ating mga minamahal sa buhay.

8. Patuloy kang magdasal.

Wag mo kalimutan na magdasal sa araw at gabi para sa hinihiling mo na magkabalikan na kayo ng asawa mo, matanggal ang kabit o ibang tao na kinakasama niya o di kaya ang painitin ang nanlamig na pagmamahalan. Ang ritual na ginawa natin ay ang malakas ng dasal at alay para sa mga katuparan ng hiling at pagtanggap ng mga sumpa pero mas makakatulong nga kung patuloy mo din ipagdasal ang gusto mo mangyari para mas mabilis ang epekto.

9. Manatiling faithful / tapat.

Ang mga ritual sa gayuma na ginagawa natin ay nakasalig sa kabanalan kaya hindi natin pwede gawin na magpagayuma tayo tapos mangangaliwa o maglalandi tayo sa iba. Dapat patuloy tayo sa karapatdapat at manatiling tapat sa minamahal natin or kalimutan lang muna ang pagrelasyon. Panatiliin nating malinis ang ating mga sarili at wag tayo magpadumi sa pagpakasasa sa maraming karelasyon. Bukod sa makasumpa sa ritual sa gayuma, makakasama din ito sa ating spiritual na kalagayan.

10. Ayusin ang mga mali mo sa sarili.

Kung wala kang mali na nagawa sa mahal mo, mabuti. Mas mabilis ang paggayuma sa kanya. Kung mayroon, mas matagal. Habang naghintay, dapat sana ay ayusin ang mga ugali o gawain na ginagawa mo na nakasakit sa mahal mo. Alamin at alalahanin mo ng mabuti ang mga nagawa mo na nakadulot ng

lamat o pagsira ng relasyon para hindi mo na ulitin. Kung anumang kakulangan mo sa relasyon ay punuan mo na para hindi na maulit ang pagkakasira ng relasyon niyo.

11. Mag-journal ka sa damdamin mo.

Ang pag-journal ay ang pagsulat sa isang notebook sa ano ang mga nararamdaman at naiisip mo tungkol sa nangyayari. Sa kasong ito, ang pinag-uusapan ay ang relasyon mo sa mahal mo. Wag ka magpigil at wag ka magtago sa lahat ng mga gusto mong ilabas. Ibuhos mong lahat sa journal para ito ay magsilbing kaginhawaan din ng kalooban mo.

Tapos na ang mga magagawa, ano na ngayon?

Tiwala ka sa ritual na ginawa natin at magpatuloy sa buhay. Hindi mo lang mamalayan na nangyayari na pala ang hinihiling mo. Sa pagdarasal mo sa hiling na maging mainit at maayos ang pagsasama niyo ng mahal mo, ramdamin mo ito bilang natanggap mo na. Balang araw ay mangyayari ito.

Paano kung nagkaroon na ng mabuting epekto?

Ede congrats. Salamat sa Panginoon. Enjoy ka sa mga epekto.

Paano kung gusto ko pa mas palakasin?

Kung masaya ka na sa mga epekto pero gusto mo pa lalong palakasin, pwede natin ritualan ulit. Ang first level ng ritual ay ang manok. Pwede mo ulitin ang manok or mag-upgrade sa sunod na level na baboy. Mas mataas pa din dito ay ang baka.

May limit ba ang pagpalakas ng ritual?

Wala. Kahit gaano kadaming beses mo gustong ritualan ang minamahal mo, pwede. Palakas ng palakas din ang pwedeng gawing epekto ng gayuma dahil diyan. Nasa sa yo na lang kung kontento ka na sa mga magandang epekto ng ritual.

Message ka lang po sa amin kung may tanong or gusto magparitual ulit.

Maraming salamat po at God bless!